



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGLALABAS: Oktubre 14, 2021

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Ralph Borrmann, 415.760.0285

Distrito ng Hangin, magbibigay ng mga unit para sa pag-filter ng hangin sa bahay sa West Oakland

Poprotektahan ng programa ang mga madaling maapektuhang residente mula sa mapaminsalang usok na dulot ng wildfire

SAN FRANCISCO – Nakikipagtulungan ang Distrito ng Hangin sa West Oakland Environmental Indicators Project (Proyekto sa Mga Pahiwatig sa Kapaligiran ng West Oakland) at West Oakland Health Council (Konseho sa Kalusugan ng West Oakland), sa pamamagitan ng Programa sa Pag-filter para sa Malinis na Hangin, para makapagbigay ng mga portable na unit para sa pag-filter ng hangin sa mga residente ng West Oakland na may mababang kita, na na-diagnose na may sakit sa baga. Makakatulong ang mga unit para sa pag-filter ng hangin na bawasan ang mga epekto ng wildfire, lalo na sa mga pinakamadaling maapektuhang residente ng West Oakland.

“Kasabay ng pagtindi ng usok na dulot ng wildfire sa Bay Area dahil sa pagbabago ng klima, mahalagang tumulong tayong protektahan ang mga pinakamadaling maapektuhang indibidwal sa ating mga komunidad,” sabi ni Jack Broadbent, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan natin sa West Oakland Environmental Indicators Project at West Oakland Health Council, makakatulong tayong pagandahin ang kalidad ng hangin indoors para sa mga residenteng may mababang kita at sakit sa baga, at mababawasan natin ang mga pagpunta sa emergency room.”

“Maraming residente sa West Oakland ang walang kakayahang bumili ng mga unit para sa pag-filter ng hangin sa bahay,” sabi ni Bb. Margaret Gordon, ang co-founder ng West Oakland Environmental Indicators Project. “Sa pamamagitan ng pagsisikap na ito, direktang makapagbigay ang West Oakland Health Council ng mga unit para sa pag-filter ng hangin sa mga pinakamadaling maapektuhang residente ng ating komunidad na nakakaranas ng napakatitinding problema sa kalusugan kapag may wildfire.”

Magpapamahagi ang West Oakland Health Council ng mga unit para sa pag-filter ng hangin sa mga residente ng West Oakland na may mababang kita na na-diagnose na may hika, emphysema, Pabalik-balik na Sakit sa Baga na Nakakasagabal sa Paghinga (Chronic Obstructive Pulmonary Disease, COPD), o iba pang kundisyon sa baga.

Sa pamamagitan ng Programa sa Pag-filter para sa Malinis na Hangin, pinagsisikapan ng Distrito ng Hangin na tiyaking hindi lang may access ang nasabing madaling maapektuhang populasyon sa mga unit para sa pag-filter ng hangin — na isang napakahalagang instrumento para mabawasan ang mga epekto ng usok na dulot ng wildfire — pero na nabibigyan din ang mga nasabing indibidwal

ng gabay sa kung saan dapat ipuwesto, paano gamitin, at paano imentina ang mga unit sa panahong ito ng wildfire at sa mga wildfire sa hinaharap.

Ang usok na dulot ng wildfire ay puwedeng magkaroon ng mga agarang epekto sa kalusugan at mag-trigger ng paghinga nang may tunog sa mga may hika, emphysema, COPD, o iba pang kondisyon sa baga. Makakaginhawa sa mga residente, kapag may usok na dulot ng wildfire, ang pagkakaroon ng kuwarto sa kanilang bahay na may mas malinis na hangin na gumagamit ng portable na unit para sa pag-filter ng hangin.

Kapag may wildfire, talagang tunay at matindi ang nagiging epekto ng polusyon sa hangin, pati sa mga taong walang dati nang medikal na kondisyon. Makakakita sa www.baaqmd.gov/wildfiresafety ng mga tip para sa paghahanda sa wildfire, rekomendasyon sa kalidad ng hangin para sa mga paaralan, impormasyon sa data ng kalidad ng hangin, at iba pa.

Makakakita ng higit pang impormasyon tungkol sa Programa sa Pag-filter para sa Malinis na Hangin sa: <https://www.baaqmd.gov/about-air-quality/wildfire-air-quality-response-program/clean-air-filtration-program>.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ([Bay Area Air Quality Management District](#)) ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

#

*Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Distrito ng Hangin](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)*